



**Manalo ng  
\$100 na  
Scholarship!**

Paligsahan sa Tag-init sa 2024

# VIRTUAL NA PAGLILIBOT SA KOLEHIYO

*100 mananalo ng Scholarship ang pipiliin!*

**Mga Petsa:**

Hunyo 24 hanggang Hulyo 22

**Mga Takdang Petsa:**

5pm sa bawat Lunes

# MGA TUNTUNIN SA VIRTUAL NA PALIGSAHAN SA TAG-INIT NG K2C SA 2024 MGA MAG-AARAL SA K HANGGANG IKA-12 BAITANG NG SFUSD

**Mga Petsa ng Paligsahan:** Hunyo 24 hanggang Hulyo 22

**Takdang Petsa ng Pagsusumite:** 5pm sa bawat Lunes

## ***100 mananalo ng scholarship ang pipiliin ngayong tag-init!***

Nagsasagawa ang Kindergarten to College (K2C) ng San Francisco ng Paligsahan sa Virtual na Paglilibot sa Kolehiyo sa Tag-init. Itatampok ng K2C ang mga piling kolehiyo sa bawat linggo sa social media at website ng K2C para libutin ng mga mag-aaral online at magkaroon sila ng pagkakataong manalo ng \$100 na scholarship.

Iaanunsiyo ng K2C ang 100 gagantimpalaan ng scholarship sa [K2CSF.org](https://www.k2csf.org) bago lumipas ang Biyernes, Agosto 2.

Espesyal na hinihikayat na lumahok ang mga mag-aaral na una sa kanilang pamilya na makapasok sa kolehiyo, mula sa mga sambahayang mabababa ang kita, at mula sa mga grupong hindi sapat ang pangangatawan.

### **Kwalipikasyon**

- Inaanyayahang lumahok ang lahat ng mag-aaral sa K hanggang ika-12 baitang ng SFUSD; gayunpaman, ibibigay lang ang mga gantimpala sa mga mag-aaral na may aktibong account sa Kindergarten to College (K2C).

### **Mga Gantimpala**

- Magbibigay ang K2C ng 100 scholarship na nagkakahalagang \$100 sa katapusan ng apat na linggong panahon ng paligsahan. Isang scholarship lang sa bawat mag-aaral ang maaaring makuha kada tagal ng panahon ng Tag-init sa 2024.

### **Paano Magsumite**

- Kompletuhin ang lingguhang virtual na paglilibot at tugunan ang lahat ng tanong nang tama sa aming form bago lumipas ang 5pm sa Lunes sa [K2CSF.org](https://www.k2csf.org).

### **Mga Pamantayan sa Pagsusuri**

- Sa minimum, dapat sagutin ng kalahok na may aktibong account sa K2C nang tama ang lahat ng tanong na partikular sa campus bago lumipas ang 5pm sa Lunes para sa paglilibot na naganap noong nakaraang linggo.
- Iaanunsiyo ng K2C ang mga gagantimpalaan sa aming [K2CSF.org](https://www.k2csf.org) bago lumipas ang Biyernes, Agosto 2.
- Ang desisyon ng K2C ay magiging pinal.

### **Mga Tanong**

- Mangyaring makipag-ugnayan sa [K2C@sfgov.org](mailto:K2C@sfgov.org) o tumawag sa 311 para sa partikular na paligsahan o pangkalahatang mga katanungan sa K2C.

[www.K2CSF.org](https://www.k2csf.org)

